Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 5
Pagpapatuloy para sa Pamilya ni Jacob

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito ang pagtalakay tungkol sa pamilya ni Jacob. Napag-usapan natin ang kanyang mga suliranin sa Shecem dahil sa kanyang kapabayaan sa kanyang panata sa Dios sa Bethel. Sa kabila nito, ang mga bunga ng iba pang mga kasalanan ni Jacob ay naitala habang nagpapatuloy ang kasaysayan ng kanyang pamilya at bilang mga sumusunod:

A. Si Raquel ay namatay pagkatapos ipanganak si Benjamin, ang bunsong anak ni Jacob: "16 At sila'y naglakbay mula sa Bethel; at may kalayuan pa upang dumating sa Ephrata: at nagdamdam si Raquel, at siya'y naghihirap sa panganganak. 17 At nangyari, nang siya'y naghihirap sa panganganak, na sinabi sa kaniya ng hilot, Huwag kang matakot, sapagka't magkakaroon ka ng isa pang anak na lalake. 18 At nangyari, nang nalalagot ang kaniyang hininga (sapagka't namatay siya), ay kaniyang pinanganlang Benoni: datapuwa't pinanganlan ng kaniyang ama na Benjamin. 19 At namatay si Raquel at inilibing sa daang patungo sa Ephrata (na siyang Bethlehem). 20 At nagtayo si Jacob ng isang batong pinakaalaala sa ibabaw ng kaniyang libingan: na siyang batong pinakaalaala ng libingan ni Raquel hanggang ngayon." (Genesis 35:16-20 KJV) Dito ipinahintulot ng Dios na mamatay ang pangalawang asawa ni Jacob habang ipinapanganak niya ang kanyang pangalawang anak na si Benjamin. Nasa kasalanan si Jacob sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang babae dahil ang kanyang unang asawa ay buhay pa nang maging asawa niya si Raquel at iyon ang dahilan kung bakit pinahintulot ng Dios ang kanyang kamatayan upang linisin si Jacob mula sa kasalanan sa pakikipag-ugnayan sa ibang babae at ito rin ang naging bunga ng kanyang kasalanan. Sa parehong paraan, kapag gumawa ka ng maling hakbang laban sa kalooban ng Dios at nagkasala laban sa Kanya, gagawa Siya ng paraan upang linisin ka mula sa iyong kasalanan sa pamamagitan ng pagkuha ng mismong bagay na naging dahilan ng iyong pagkamakasalan.

B. Si Reuben na unang anak ni Jacob ay sumiping sa alipin ng kanyang ama na si Bilhah: "22 At nangyari, samantalang tumatahan si Israel sa lupaing yaon, na si Ruben ay yumaon at sumiping kay Bilha, na babae ng kaniyang ama; at ito'y nabalitaan ni Israel. Labing dalawa nga ang anak na lalake ni Jacob." (Genesis 35:22 KJV) Nang magkasala si Jacob sa pakikipagsiping sa kanyang ikalawang pag-aasawa kay Raquel at sa kanyang mga asawa sina Bilhah at Zilpah, ang kasalanang iyon ay naipasa sa kanyang mga anak at sa kanyang pamilya tulad ng nakita natin dito natulog si Reuben sa kasama aliping babae ng kanyang ama. Kaya kailangan mong magsisi sa iyong mga kasalanan upang hindi maipasa ang sumpa sa iyong mga anak at makita mo silang gumagawa ng parehong kasalanan. Marahil ang ganitong pangyayari ang pumigil kay Jacob na lumapit kay Bilhah at posibleng pinigilan siya ni Lea na lumapit sa kanyang alipin na si Zilpah, at ngayon ay naiwan siya sa kanyang unang asawa na si Lea, na pinili ng Dios para sa kanya.

C. Si Judah na anak ni Jacob ay sumiping kay Tamar na kanyang manugang: Mababasa natin ang tungkol sa pangangalunyang ito sa ***Genesis 38, "24 At nangyari, na pagkaraan ng tatlong buwan, humigit kumulang, ay naibalita kay Juda, na sinasabi, Ang iyong manugang na si Thamar ay nagpatutot; at, narito, siya'y buntis sa pakikiapid. At sinabi ni Juda, Siya'y ilabas upang sunugin. 25 Nang siya'y ilabas, ay nagpasabi siya sa kaniyang biyanan. Sa lalaking may-ari ng mga ito, ay nagdalangtao ako: at kaniyang sinabi pang, Ipinamamanhik ko sa iyo, na kilalanin mo kung kanino ang mga ito, ang singsing, ang pamigkis, at ang tungkod. 26 At nangakilala ni Juda, at sinabi, Siya'y matuwid kay sa akin; sapagka't hindi ko ibinigay sa kaniya si Selah na aking anak. At hindi na niya muling sinipingan pa." (Genesis 38:24-26 KJV)*** Isang pangyayari ng pakikiapid ang pinasa sa mga anak ni Jacob. Muli, ang kasalanang iyong ginagawa ay maipapasa sa iyong mga anak at mga inapo; samakatuwid, iwasan ang lahat ng kasalanan upang hindi ito maipasa sa iyong mga anak at mga inapo.

D. Si Jose na paboritong anak ni Jacob ay nawalay mula sa kanyang pamilya: Mas minahal ni Jacob si Jose kaysa sa iba niyang mga anak dahil siya ang paboritong anak sa kanyang ikalawang asawa na si Raquel. Ngunit nagdulot ito ng inggit sa loob ng pamilya sa mga kapatid laban kay Jose. Kinamuhian siya at gusto siyang patayin upang mawala siya sa kanilang harapan. Binigyan din si Jose ng kakayahang makita at bigyang-kahulugan ang mga panaginip na nagpasuko sa kanyang mga kapatid, at lalo pa silang nayamot sa kanya nang makita ang mas malaking pagmamahal ng kanilang ama kay Jose. Sa huli, nagawa ng mga kapatid ni Jose na mapaalis siya sa pamamagitan ng ipagbili siya sa mga Midianita na nagbenta kay Jose sa Egipto kay Potiphar, isa sa mga opisyal ni Faraon, ang kapitan ng guwardiya. Nabasa natin ang pangyayaring ito sa ***Genesis 37, "26 At sinabi ni Juda sa kaniyang mga kapatid. Anong ating mapapakinabang kung ating patayin ang ating kapatid, at ilihim ang kaniyang dugo? 27 Halikayo, at atin siyang ipagbili sa mga Ismaelita, at huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay; sapagka't siya'y ating kapatid, atin din laman. At dininig siya ng kaniyang mga kapatid. 28 At nagsisipagdaan ang mga mangangalakal na mga Midianita; at kanilang isinampa si Jose sa balon, at ipinagbili nila si Jose sa mga Ismaelita ng dalawang pung putol na pilak. At dinala si Jose sa Egipto. 29 At nagbalik si Ruben sa balon; at, narito, na si Jose ay wala sa balon; at kaniyang hinapak ang***

kaniyang mga suot. 30 At siya'y nagbalik sa kaniyang mga kapatid, at kaniyang sinabi, Wala ang bata; at ako, saan ako paroroon? 31 At kanilang kinuha ang tunika ni Jose, at sila'y pumatay ng isang lalaking kambing, at kanilang inilubog ang tunika sa dugo: 32 At kanilang ipinadala ang tunikang may sarisaring kulay, at dinala sa kanilang ama; at kanilang sinabi, Ito'y aming nasumpungan: kilalanin mo ngayon, kung tunika ng iyong anak o hindi. 33 At kaniyang kinilala, at sinabi, Siya ngang tunika ng aking anak; sinakmal siya ng isang masamang hayop; si Jose ay walang pagsalang nilapa. 34 At hinapak ni Jacob ang kaniyang mga suot, at kaniyang nilagyan ng magaspang na damit ang kaniyang mga balakang, at tinangisang maraming araw ang kaniyang anak. 35 At nagsitindig ang lahat niyang mga anak na lalake at babae upang siya'y aliwin; datapuwa't tumanggi siyang maaliw; at kaniyang sinabi, Sapagka't lulusong akong tumatangis sa aking anak hanggang sa Sheol. At tinangisan siya ng kaniyang ama. 36 At ipinagbili siya ng mga Midianita sa Egipto kay Potiphar, puno ni Faraon, na kapitan ng bantay." (Genesis 37:26-36 KJV) Kitang-kita mo na ang paboritismo na ginawa ni Jacob ay nagdulot ng mga problema sa kanyang pamilya at sa huli ay nagdulot din ng problema sa kanya. Kaya mag-ingat sa iyong ginagawa at inilalapat sa loob ng iyong pamilya dahil kung ano ang itatanim mo ay siya mo ring aanihin.

Nanirahan si Jose sa Egipto ng 22 taon, malayo sa kanyang pamilya. Nagtrabaho siya bilang isang alipin sa bahay ni Potiphar. Ang PANGINOON ay sumasa kay Jose at binigyan siya ng tagumpay sa lahat ng kanyang ginagawa. Inilagay siya ni Potiphar sa pamumuno ng kanyang sambahayan, at ipinagkatiwala sa kanyang pangangalaga ang lahat ng kanyang pag-aari. Si Jose ay isang disiplinadong tao, masipag at tapat sa kanyang trabaho at paglilingkod, at nagbigay ng magandang halimbawa para sundan ng iba sa pagsunod sa Dios. Lumayo siya sa tukso at nagtitiwala sa nag-iisang Dios na maaaring protektahan siya at magbigay para sa lahat ng kanyang pangangailangan. Ang tinanggap ni Jose bilang katuruan mula sa kanyang ama at pamilya ay kanyang ipinakita sa mga taon ng kanyang paghihirap. Kahit nang siya ay ikinulong, ginawa niya ang kanyang tungkulin ng maayos at nagawang magsimula muli, at nakatanggap siya ng paglingap mula sa awtoridad ng bilangguan, ***"23 Hindi tinitingnan ng katiwala ng bilangguan ang anomang bagay na nasa kaniyang kamay, sapagka't ang PANGINOO'y suma kay Jose; at ang kaniyang ginagawa ay pinagpapala ng PANGINOON." (Genesis 39:23 KJV)*** Sa wakas, Si Jose ay dinala palabas mula sa bilangguan at inilagay bilang ikalawa kay Faraon sa pamamahala ng bansa ng Egipto na humaharap sa pitong taong taggutom. Sa mga taong ito ng taggutom, gumawa ang Dios ng paraan upang muling makapiling niya ang kanyang pamilya na naiwan sa Canaan. Napilitang lumipat ang kanyang mga kapatid sa Egipto upang bumili ng binhi at doon nila nakilala si Jose na pinatawad sila, tinanggap at inanyayahan silang manirahan sa kanya sa lupain ng Egipto upang malampasan ang natitirang mga taon ng taggutom. Si Jacob at ang kanyang buong angkan ay lumipat sa Egipto at pinayagan siya ng Dios na muling makapiling ang kanyang anak na si Jose. ***"5 At bumangon si Jacob mula sa Beerseba; at dinala ng mga anak ni Israel si Jacob na kanilang ama, at ang kanilang mga bata, at ang kanilang mga asawa, sa mga kariton na ipinadala ni Faraon kay Jacob. 6 At kanilang dinala ang kanilang mga hayop, at ang kanilang mga pag-aari na kanilang inimpok sa lupain ng Canaan, at na pasa Egipto, si Jacob at ang buong binhi niya na kasama niya. 7 Ang kaniyang mga anak na lalake at babae, at ang mga anak na lalake at babae ng kaniyang mga anak na kasama niya, at ang kaniyang buong binhi ay dinala niyang kasama niya sa Egipto. 8 At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Israel, na napasa Egipto, ni Jacob at ng kaniyang mga anak: si Ruben na anak na panganay ni Jacob. 9 At ang mga anak ni Ruben; si Hanoch, at si Phallu, at si Hezron, at si Carmi. 10 At ang mga anak ni Simeon; si Jemuel, at si Jamin, at si Ohad, at si Jachin, at si Zohar, at si Saul na anak ng isang babaing taga Canaan. 11 At ang mga anak ni Levi; si Gerson, si Coat at si Merari. 12 At ang mga anak ni Juda; si Er, at si Onan, at si Sela, at si Phares, at si Zara; nguni't si Er at si Onan ay namatay sa lupain ng Canaan. At ang mga anak ni Phares, si Hezron at si Hamul. 13 At ang mga anak ni Issachar; si Thola, at si Phua, at si Job, at si Simron. 14 At ang mga anak ni Zabulon; si Sered; at si Elon, at si Jahleel. 15 Ito ang mga anak ni Lea, na kaniyang ipinanganak kay Jacob sa Padan-aram, sangpu ng kaniyang anak na babaing si Dina: ang lahat na taong kaniyang mga anak na lalake at babae ay tatlong pu't tatlo. 16 At ang mga anak ni Gad; si Ziphion, at si Aggi, si Suni, at si Ezbon, si Heri, at si Arodi, at si Areli. 17 At ang mga anak ni Aser; si Jimna; at si Ishua, at si Isui, at si Beria, at si Sera na kanilang kapatid na babae: at ang mga anak ni Beria; si Heber, at si Malchel. 18 Ito ang mga anak ni Zilpa na siyang ibinigay ni Laban kay Lea na kaniyang anak na babae, at ang mga ito ay kaniyang ipinanganak kay Jacob, na labing anim na tao. 19 Ang mga anak ni Raquel na asawa ni Jacob; si Jose at si Benjamin. 20 At kay Jose ay ipinanganak sa lupain ng Egipto si Manases at si Ephraim, na ipinanganak sa kaniya ni Asenath, na anak ni Potiphera na saserdote sa On. 21 At ang mga anak ni Benjamin; si Bela; at si Becher, at si Asbel, si Gera, at si Naaman, si Ehi, at si Ros, si Muppim, at si Huppim, at si Ard. 22 Ito ang mga anak ni Raquel na ipinanganak kay Jacob: lahat ay labing apat. 23 At ang mga anak ni Dan; si Husim. 24 At ang mga anak ni Nephtali; si Jahzeel, at si Guni, at si Jezer, at si Shillem. 25 Ito ang mga anak ni Bilha, na siyang ibinigay ni Laban kay Raquel na kaniyang anak, at ang mga ito ang ipinanganak niya kay Jacob; lahat na tao ay pito. 26 Lahat na tao na sumama kay Jacob sa Egipto, na nagsilabas sa kaniyang mga balakang, bukod pa ang mga asawa ng mga anak ni Jacob, ang lahat na tao ay anim na pu't anim; 27 At ang mga anak ni Jose na ipinanganak sa kaniya sa Egipto, ay dalawang katao; ang lahat na tao sa sangbahayan ni Jacob, na napasa Egipto, ay pitongpu." (Genesis 46:5-27 KJV)*** Sa huling bahagi ng aklat ng ***Genesis*** ay naitala ang mga pangalan ng mga anak ni Jacob kasama ang kanilang mga

inapo. Ang pamilya ni Jacob kasama ang kanyang mga anak at kanilang mga pamilya pitumpung tao ang pumasok sa Egipto, at iyon ang laki ng simbahan. Bawat isa sa labindalawang anak ni Jacob ay nagkaroon ng mga inapo at sila ay dumami at lumaki sa bilang at sa loob ng isang tiyak na panahon ay umunlad sila sa Egipto.

Mula sa unang tao, si Adam, itinatag ng Dios ang isang pamilya. Sa unang kasaysayan ng bayan ng Dios, walang gaanong matuwid na tao ngunit kakaunti ang mga indibidwal mula sa pamilya ni Seth. Sila ang uri ng simbahan sa panahon ng yugtong iyon ng kasaysayan dahil ang ibig sabihin ng salitang "simbahan" ay ang mga taong tinawag sa sanglibutan ng kadiliman o kasalanan papunta sa Kanyang kaliwanagan dahil sa kanilang kahandaang sumunod kay Cristo. Nang lumaki ang bilang ng mga tao sa lupa at naging masama, ang Dios ay hindi nasiyahan. Ngunit tinawag Niya at pinangalagaan ang isang angkan ng mga pamilya na tinawag bilang Kanyang Hinirang na Bayan, at kung saan ang Makaharing Pagkaseserdote sa Lumang Tipan ay malapit ng dumating. Ang bawat maka-Dios na pamilya ay isang kapisanan, isang pangkat ng isang simbahan na lalawak nang husto sa paglipas ng panahon sa biyaya at tulong ng Dios. Mula sa isang pamilya na magpapalaki ng mga anak na may takot sa Panginoon. Ang Dios ay magtatatag ng isang simbahan na maraming kasapi.

Sa masigasig na paraan, tayo ang mga maharlikang saserdote na hinirang ng Dios upang magdala ng kaliwanagan sa mundo. Ang ating mga anak ay hindi dapat dalhin ang patotoo kay Cain kundi sa maka-Dios na mga angkan. Ngunit sa pagpapahayag tungkol sa kung paanong palakihin ang mga bata, may mga taong mamumuna na ang ilang mabubuting tao ay magmumula sa masasamang pamilya, at gayundin, may mga masasamang tao na magmumula sa mabubuting pamilya. Oo, wala sa ating mga kamay ang kahahantungan ng ating mga anak, ngunit nagawa ba natin ang ating bahagi sa pamamagitan ng pagsunod sa utos ng Dios na turuan ang ating sariling mga anak at sanayin sila sa paraan ng PANGINOON? Huwag nating takasan ang pananagutan ng pagiging makasaserdoteng mga magulang, at hindi dapat magsalita ng mga bagay upang idahilan ang ating mga sarili mula sa pagiging may pananagutan sa pagpapalaki sa ating mga anak sa takot at sa mga paraan ng Panginoon. Tayo, ang mga maharlikang pari na inilagay ng Dios sa ating mga pamilya at sa mga anak, ay dapat gawin ang ating bahagi ng tuloy tuloy upang turuan ang ating mga anak na matakot sa DIOS at ingatan ang Kanyang mga utos:

"1 Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na iniutos ng PANGINOON ninyong Dios na ituro sa inyo, upang inyong magawa sa lupaing inyong paroroonan upang ariin: 2 Na ikaw ay matakot sa PANGINOON mong Dios, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay lumawig. 3 Dinggin mo nga, Oh Israel, at iyong isagawa upang ikabuti mo, at upang kayo'y dumaming maigi, na gaya ng ipinangako sa iyo ng PANGINOON, ng Dios ng iyong mga magulang, sa lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 4 Dinggin mo, Oh Israel: ang PANGINOON nating Dios ay isang PANGINOON: 5 At iyong iibigin ang PANGINOON mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. 6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; 7 At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. 8 At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. 9 At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan." (Deutronomio 6:1-9 KJV)

Huwag nating talikuran ang pagtuturo at pagsasanay sa ating mga anak sa pagkatakot sa Panginoon sapagkat isasaalang alang yaon mula sa parehong pamilya ni Adam at ni Eba, si Seth ay ipinanganak at mula sa kanyang supling nagmula ang isang makaDios at matuwid na angkan. Ating paniwalaan na sa pamamagitan ng isang indibidwal na kasapi ng ating pamilya na makaka kilala sa Dios at ipagkatiwala na sumunod sa isang matuwid na paraan ng buhay. Ang simbahan ng Dios ay mapapangalagaan at ang makaDios na salinlahi ay magpapatuloy bilang makaharing mga pari na mamahala ng maayos sa kanilang pamilya, at sa gayon ay patuloy na sasamba at nagbibigay kaluwalhatian sa Dios.

Tayo ay magbigay ng pinakamabuting halimbawa ng pamumuhay ng isang banal na buhay sa ating mga anak sa pag-iingat sa alintuntunin ng Dios sa ating pamilya. Ang mensahe na ating natutunan mula sa pamilya ng atin mga ninuno ay nagbigay inspirasyon sa atin upang lumakad ayon sa Salita ng Dios; Ang Dios ang magtatanggol sa atin at magpapala sa angkan ng ating pamilya hangga't tayo'y nabubuhay malayo sa kasalanan. Kaya't ating iwasan ang maling pag-uugali at saloobin ng pagiging magulang at pangalagaan ang ating unang-pamilya, katulad ni Lot na piniling mabuhay sa lungsod at ilantad ang kanyang mga anak na babae sa makasalanang mga paraan ng pumumuhay, pangalawa, katulad ni Jacob na nagpumilit makuha ang asawang kanyang iniibig. Nagbunga ito ng dalawang asawa at dalawang alipin at nagpakita ng pagkampi sa pamilya. Pagpapakita ng kaibahan sa mga anak o sa alinmang kasapi ng pamilya ay magdudulot ng sakit sa puso at kalungkutan sa loob ng pamilya. Ganon pa man, pinagpala ng Dios si Jacob at ang kanyang pamilya nadagdagan ang bilang at pag aari. Ngunit pagkatapos pabayaan ni Jacob na tuparin ang kanyang pangako sa Dios. Siya ay napunta sa Shecem

at nakalimutang ingatan ang kanyang anak na babae mula sa mga tao ng lupain. Maraming mga magulang ang hindi maingat upang protektahan ang kanilang mga anak. Sasabihin nila na ayaw nilang matulad ang kanilang mga anak sa pagharap lamang sa dingding sa gayo'y kanilang hinayaan sila na maranasan ang mga paraan ng sanglibutan at ang mga kaibigan sa paligid nila. Ang makamundong mga kaibigan ay magpapakilala ng mga maling kaugalian at mga gawaing salungat sa disiplina ng Cristiano. Kapag ang Cristianong pamilya ay nahawaan, ang simbahan ay mahahawaan din at manganganib, at ang paraan ng pag didisipulo ay nasisira.

Ang mga anak ni Jacob ay mayroon ding mga dayuhang dios at hikaw sa kanilang mga tenga na nagpapakita na sila'y alipin ng mga dayuhan o diosdiosan. Habang dinadaanan natin ang kasaysayan ng mga anak ni Jacob, mababasa natin ang masasakit na mga pangyayari na nangyari at nagdala ng masamang patotoo hindi lamang sa pamilya kundi sa Kapulungan ng bayan ng Dios. Bilang kinahantungan, ang bunga ng magandang plano ng Dios ay nahadlangan at nagulo. Sila'y nasaktan at kanilang nakuha ang kinahantungan ng kanilang maling gawain hanggang sa punto na ang lahat ng kanilang mga inapo ay naging alipin sa lupain ng Egipto. Sila ay ang mga anak ng piniling salinlahi ng Dios ngunit sila'y hindi namuhay ng isang buhay na kalugodlugod sa Dios.

Sa ngayon, maraming mga Cristiano, ay katulad ng mga anak ni Jacob na iniingatan nila ang mga diosdiosan o dayuhang dios sa kanila. Sila'y sumasamba sa Dios katulad ng mga hitano o mga pagsamba sa mga diosdiosan, sumasamba sa kanilang mga dios kasama ng kanilang pagsasaya, kalayawan, kahalayan, o walang katapatan, at kalibugan o pagsusuot ng mga kasuotan na naglalantad ng maseselang bahagi ng kanilang katawan. Sila'y naglalaan ng maraming oras sa kanilang mga kaibigan kaysa higit sa kanilang pamilya. Pinalitan nila ang kanilang Bibliya ng electronic devices at hinayaan ang kanilang mga sarili sa pagkaalipin sa kanilang mga iPhones, media, palabas sa TV at ang social media at pakikipagugnayan sa kanilang mga kaibigan sa sanglibutan kaysa sa paglalaan ng panahon sa pananalangin at pagbabasa ng Bibliya. Sila'y nagpakasasa sa kasintahang lalaki o kasintahang babae sa karagdagan sa ibang anyo ng immoralidad kaysa pagbuo ng makaDios na mga pamilya; pagkakaroon ng makamundong mga kaibigan, at natututo sa kanila ng paninibugho, pagiimbot, at mga bisyo gaya ng tipanan, pagsasayaw, pagiinom, paninigarilyo, pagdalo sa mga kasiyahan, at malls, pagsasabi ng kasinungalingan at pag-aalis ng mga alintuntunin at mga kautusan ng tunay at buhay na Dios. ***"19 At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan 20 Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, 21 Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios." (Galacia 5:19-21)***

Sa aking Mahal at Minamahal: Ang bawat simbahan ay binubuo ng pamilya at kung ang kasalanan ay kinukunsinti sa loob ng isang Cristianong pamilya, ang mga kasalanang iyon ay lalaganap gaya ng cancer sa buhay ng mga pamilya sa simbahan. Katulad ni amang si Jacob, tayo ay magsisi sa lahat ng mga kasalanang ito at papanumbalikin ang ating tipan at pangako sa Dios. Ating ilibing ang lahat diosdiosan ng ating pamilya sa Shecem at lumipat sa Betel. Ating pamunuan ang ating buong pamilya sa bahay ng Dios. Tayo ay tinawag upang ipamuhay ang Salita ng Dios at ibahagi ang katangian at pamumuhay ni Cristo sa ating mga asawa at mga anak. Bilang maharlikang mga pari, ating sambahin ang buhay na Dios sa pamamagitan sa pamumuno sa ating pamilya upang mamuhay sa kabanalan. ***"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alang alang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roman 12:1-2 KJV)*** Ating ihiwalay ang ating sarili mula sa pamumuhay ng hindi makadios na mga pamilya, at pangalagaan ang isang makaDios na henerasyon sa ating mga anak. Mula sa pamilya ni Jacob sa malao't madali isang pangkat ay babangon sa pagkaseserdote, ang Leviticang ministro na nagpapanatili ng mga lampara na nagniningas sa banal na templo ng buhay na Dios. Sa gayo'y tayo'y kumilos upang mapanatili ang isang maharlikang pagkaseserdote sa ating mga pamilya, upang ang Simbahan ng Dios ay makabuo ng makaDios na mga magulang at mga pamilya na magpapatuloy na dalhin ang mensahe ng pagasa at kaligtasan sa susunod na salinlahi. Manalangin tayo….

Ang aking Panalangin: *Amang Dios, ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong turo na nagpakita sa akin ng masamang epekto at mga kahihinatnan ng iba't ibang kasalanan sa loob ng pamilya at kung paano magsisi mula sa mga ito. Panginoon, salamat sa pagbukas mo ng aking mga mata sa katotohanan at salamat sa lahat ng mga pangaral at pagtutuwid na aking natanggap sa mensaheng ito.*

Lumapit ka na sa Dios at ipagtapat ang iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagiging makamundong, ang iyong pagmamahal sa mundo, ang iyong gapos at pagsasayang ng oras kasama ang mga hindi mananampalataya at mga kaibigan, at sa pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ipagpahayag at

talikuran ang iyong pagnanasa, imoralidad, paboritismo, inggit, paninibugho, pagsisinungaling, mga away at pagtatalo. Ipagpahayag at talikuran ang iyong pagsuway sa mga utos ng Dios, katigasan ng ulo, naantalang pagsunod, at paggawa ng sariling kagustuhan at plano. Ipagpahayag ang iyong kakulangan sa takot sa Dios, hindi kahandaang maghintay sa pasya ng Dios sa iyong buhay, iyong masamang pamamahala at kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at panalangin. Ipagpahayag at talikuran ang iyong masamang halimbawa at pagiging hindi handang maglingkod sa Dios sa paggawa ng mabubuting gawa na inihanda niya nang maaga para sa iyo upang gawin. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____.
Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa planong ipinag-utos mo para sa akin at sa aking pamilya. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay sa kabanalan at disiplinahin ang aking pamilya upang ilayo sila sa lahat ng tukso at makamundong bagay. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na linisin ang aking pamilya mula sa Media, mga laro, banta ng imoralidad at iba pang pagkakaalipin na maaari silang malugmok. Panginoon, protektahan mo kami at itaguyod sa amin ang aming pangangailangan upang patuloy naming mapaglilingkuran ka.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at iniaalay ang kanilang buhay upang gawin ang iyong kalooban at upang isabuhay ang plano na inilaan mo para sa kanila at kanilang mga pamilya. Panginoon, patuloy mo silang gabayan sa mga bagay na kailangan nilang gawin sa kanilang mga pamilya at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at gawin mo silang mabuting halimbawa para sa iba upang gayahin sila.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simabahan habang iniaalay namin ang aming mga sarili upang ipagpatuloy ang pagsunod sa iyong Salita at turuan ang aming mga kasapi at manggagawa na isabuhay ang iyong Salita sa kanilang mga buhay at sa buhay ng kanilang mga pamilya. Panginoon, hinihiling naming puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban kami ng mga espiritwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy sa pangangaral, gumawa ng mga bagong alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapulungan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa ng pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang yong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikisama ng Banal na Espiritu sa sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 5. Pagpapatuloy para sa Pamilya ni Jacob. Genesis 35:16-20. Genesis 35:22. Genesis 38:24-26. Genesis 37:26-36. Genesis 39:23. Genesis 46:5-27. Deuteronomio 6:1-9. Galacia 5:19-21. Roma 12:1-2.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com